Ang Mga Kinakailangang Mong Malaman Tungkol Sa Tuberkulosis (TB)

What You Should Know About TB



Tagalog

AAPCHO
Association of Asian Pacific Community Health Organizations

Katotohanan Tungkol Sa TB:

Lahat ng klaseng tao, anumang edad, lahi o katayuan sa buhay ay puwedeng magkaroon ng tuberkulosis. Taon-taon, mahigit sa 23,000 na katao sa Amerika ang nagkakaroon ng TB. Subalit sa panahon ngayon, dahil sa modernong gamot, *ang TB ay puwedeng malunasan*. Maka-pagpapagamot ka dahil sa sakit na TB kahit ika'y hindi isang U.S. Citizen. Hindi mo kinakailangang umalis ng Amerika upang magpagamot.

Ano ba ang TB?

Ang tuberkulosis o TB ay nagmula sa baktiryang tinatawag na *tuberculosis bacilli*. Ito ay isang sakit na puwedeng makasira ng iyong baga o iba't-ibang bahagi ng iyong katawan at magdudulot sa iyo nang malubhang sakit.

Paano kumakalat ang TB?

Ang TB ay naikakalat kapag ang isang taong mayroong maliksing mikrobyo ng TB sa kan-

yang baga ay umubo, bumahin o dumura sa paligid at siyang nagpapalaganap ng mikrobyo sa hangin. Ang mga taong hinihinga ang hangin na mayroong mikrobyo ay siyang maapektuhan at puwedeng magkaroon ng impeksiyon.

Upang mahawa ng TB kinakailangang ang pakikipaghalubilo sa isang taong mayroong mikrobyo ay madalas at malapit. Halos lahat ng mga tao ay nakakakuha ng TB sa taong lagi nilang kasama, tulad ng mga tao sa kanilang pamilya, asawa, kaibigan o kasamahan sa trabaho.

Bilirang makuha mo ang TB sa taong umuubo sa bus o sa restaurant. Hindi ito maikakalat sa pakikipagkamayan, pakikipagsalo sa pagkain, paghihiraman ng kutsara o tinidor, baso, o ng kasuotan.

Ano ang mga sintomas ng TB?

Ang TB ay puwedeng lumusob sa iba't-ibang parte ng katawan, pero ang baga ay siyang laging naaapektuhan. Ang taong may TB ay puwedeng makaranas ng isa o lahat ng sumusunod na sintomas

- pangangayayat
- gabi-gabing pamamawis
- pagkakaroon ng lagnat
- walang ganang kumain
- madalas na pagkapagod
- tuyong ubo
- madalas na pagubo
- dumudura ng dugo
- maplemang ubo
- sakit ng dibdib

Anong ibig sabihin ng mayroong *TB infection?*

Ang pagkakaroon ng *TB infection* ay nangangahulugan na ang mga mikrobyo ng TB ay nasa loob ng katawan ngunit hindi pa ito maliksi o ito ay hindi kumikilos. Pagkatapos makapasok ang mikrobyo sa katawan, kadalasan, ang katawan ay nagtatanggol at pumipigil sa mga mikrobyo sa pamamagitan ng pagtayo ng pader tudad ng manatiling buhay sa loob ng mga bakod at hindi kumilos mikrobyo ay puwedeng manatiling buhay sa loob ng mga bakod at hindi kumilos. Habang ito ay hindi maliksi, hindi ito makakasakit sa iyo, at hindi ito kakalat sa ibang tao. Ikaw ay mayroong impeksyon dahil sa mikrobyo, subalit wala kang sakit. Maaaring hindi mo malalaman na ikaw ay naimpeksyon. Milyon-milyong tao sa Amerika ay mayroong impeksyon na TB. Ngunit halos lahat, ay mayroong mga mikrobyo na hindi laging maliksi. Kung hindi gagamutin, mayroong posibilidad nang pagkakaroon ng sakit na TB.

Ano ang *TB disease?*

Ang *TB disease* ay isang seryosong sakit na nagmumula sa mga maliksi na mga mikrobyo. Maaaring kaagad na makuha sag *TB disease* matapos makapasok ang mga mikrobyo sa loob ng katawan kung ang mga panangga ng katawan ay mahina. Pagkatapos ng ilang taon, maaaring maging aktibo ang mga dating hindi maliksing mikrobyo ng TB kapag mahina ang mga panangga ng katawan. Maaaring ito ay dahil sa pagtanda, sa malubhang sakit, sa paggamit ng bawal na gamot at paginom ng alak, o impeksyon na tinatawag na HIV. Pag ang mga

panangga ay humihina at ang mga hindi maliksing mikrobyo ng TB ay nagiging aktibo, itong mga mikrobyo ay puwedeng makasira ng mga bakod o panangga, magsimulang dumami, at sumira sa baga o ibang bahagi ng katawan at mahawaan ang ibang tao.

Ano ang mga iksamin para sa TB?

1. Tuberculin Skin Test (PPD): sa pamamagitan nito malalaman kung mayroong mikrobyo ng TB sa loob ng katawan. Mayroong kaunting likido na ilalagay sa ilalim ng balat ng braso. Matapos ang dalawa o tatlong araw, titingnan kung mayroong resultang batik o pantal sa braso. Kung kaunti o walang pagbabago, hindi nakapasok ang mga mikrobyo ng TB. Kung mapula at matambok yung pantal, mayroong mikrobyo ng TB sa loob. Subalit importanteng magpa-x-ray upang makasiguro.



2. *X-ray sa dibdib:* kung mayroong TB, ito ay maaaring nasa baga. Ang x-ray sa dibdib ay kumukuha ng litrato ng baga at pinapakita sa doktor kung mayroong mga senyales ng TB. Wala kang mararamdaman sa pagkuha mo ng x-ray. Ang x-ray ay di-makakasama.

3. *Ang pag-iksamin ng laway:* ito ang pinapakita kung ang mga mikrobyo ng TB ay nasa plema ng tao kapag siya ay umubo.

Sino ang kinakailangang magpaiksamen para sa TB?

- ang mga taong malapit at araw-araw na kasama ang isang tao na may aktibo o mikrobyo ng TB
- ang mga taong mayroong mga sintomas ng TB
- ang mga taong may kinakailangang mag-paiksamen para sa trabaho o eskuelahan
- ang mga taong mahina ang resistensiya ng katawan o mayroong sakit
- mga taong ipinanganak sa labas ng U.S. at mga matanda na nagbuhat sa mga lugar na ang sakit na TB ay malaganap.

Kung papaano ginagamot ang TB

Mayroong mga gamot na laban sa TB. Ito ay maaaring mga pilduras, likido para inumin, o iniksiyon. Ang TB ay puwede lamang gamutin kapag ang pasyente ay umiinom ng kanyang gamot ayon sa utos ng doktor.

Bakit importante ang lyong pilduras?

Ang TB ay maaring bumalik kapag hininto ng isang pasyente ang paginom ng kanyang pilduras na walang pahintulot ng doktor. Sa pagbalik ng TB, maari itong maging mahigit na



Take the pills the doctor gives you!

malala kaysa noong una. Maaring higit na malakas ang mga mikrobyo at mas mahirap pa itong gamutin. Kinakailangang inumin ang mga pilduras at sundin ang mga bilin ng doktor.

Ang klinika

Kinakailangang madalas ang pagbisita sa isang klinika kapag sila-ay hindi nagtutungo ng ospital. Ang mga pasyenteng galing sa ospital ay kinakailangang bumisita rin sa isang klinika buwan-buwan ayon sa utos ng doktor para sa tinatawag na *follow-up visits*. Importante ang pagpapatingin sa isang klinika kahit ito ay umabot pa ng isang oras o mahigit. Ito ay makakatulong sa madaling paggaling ng isang pasyente.

Para sa iba pang impormasyon sa pageksamin binggil sa TB at paggamot nt TB, tumawag sa:

Santa Clara Public Health
TB Prevention & Control
2220 Moorpark Avenue
San Jose, CA 95128
(408) 885-4214

This publication was made possible by grant number U23/CCU909880 from the Center For Disease Control and Prevention. Its contents are solely the responsibility of AAPCHO and do not necessarily represent the official view of CDC. The contents have been modified from San Francisco Health Center =4 and New York City Health Department TB brochures. This brochure is available in English, Chinese, Vietnamese, Korean, Tagalog and Ilocano languages. To receive a sample, please contact AAPCHO at (510) 272-9536.
Illustrations: Prescott Chow